| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **School** | | **Grade Level** | 7 |
| | **Teacher** | | **Subject** | Aral. Pan. |
| | **Teaching Dates and Time** | | **Quarter** | First |

## I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN

### A. Mga Pamantayang Pangnilalaman

Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa ginampanan ng katangiang pisikal ng rehiyon sa pagbuo ng sinaunang kasaysayan at kalinangan ng mga mamamayan sa Pilipinas at Timog Silangang Asya.

### B. Mga Pamantayan sa Pagganap

Nakabubuo ng proyekto na nagpapaliwanag sa ginampanan ng katangiang pisikal ng rehiyon sa pagbuo ng sinaunang kasaysayan at kalinangan ng mamamayan sa Pilipinas at Timog Silangang Asya.

### C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto

- **Cognitive**: Naipaliliwanag ang pisikal na katangian ng Timog Silangang Asya.
- **Psychomotor**: Nakapaglalarawan ng mga anyong lupa at tubig sa rehiyon gamit ang larawan at mapa.
- **Affective**: Naipapakita ang pagpapahalaga sa likas na yaman at kapaligiran ng rehiyon.

### D. Nilalaman

Pisikal na Katangian ng Timog Silangang Asya: Anyong lupa, anyong tubig, klima, likas na yaman, agrikultura

### E. Integrasyon

Sining (Gallery Walk), ICT (Google Earth), Edukasyong Pangkalikasan

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

- Abejo et al. (2017). *Kasaysayan ng Asya*. Vibal Group, Inc.
- Guillermo et al. (2015). *Kasaysayan ng Mamamayan ng Asya*. IBOB Books.
- Celada & Aquino (2018). *Paglinang sa Kasaysayan 7*. Diwa Learning Systems.
- Website: Asia Society – Southeast Asia

## III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO

### A. Pagkuha ng Dating Kaalaman (5 minuto)

- Ano-anong mga bansa ang kabilang sa Mainland at Insular Southeast Asia ayon sa aralin?
- Bakit masasabing mahalaga ang mga anyong tubig sa pamumuhay ng mga tao sa Timog Silangang Asya?
- Sa iyong palagay, paano nakaaapekto ang heograpikal na pagkakaiba ng Mainland at Insular Southeast Asia sa pag-unlad ng kabihasnan sa bawat rehiyon?

### B. Paglalahad ng Layunin (5 minuto)

**Gawain: Kinig-Kanta**

Panuto: Pakinggan ang kantang "Masdan Mo ang Kapaligiran"

**URL**: https://www.youtube.com/watch?v=KqwxE2ySrK0&t=10s



**Tanong**:

1. Ano ang mga suliraning pangkapaligiran na binanggit sa awit?
2. Ano ang iyong naramdaman habang pinakikinggan ito?

**C. Pagsasanay sa Wikang Ginagamit sa Aralin (5 minuto)**

**Gawain: Talasalitaan**

Panuto: Pagtambalin ang mga salita sa Hanay A sa kanilang kahulugan sa Hanay B.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| 1. Biodiversity | a. pagbabagong pandaigdigan o rehiyon na klima na maaaring dulot ng likas na pagbabago o ng mga gawain ng tao |
| 2. Siltation | b. pagkakaiba-iba at katangi-tanging anyo ng lahat ng buhay na bumubuo sa natural na kalikasan |
| 3. Red Tide | c. parami at padagdag na deposito ng banlik na dala ng umaagos na tubig sa isang lugar |
| 4. Global Climate Change | d. isang suson sa stratosphere na naglalaman ng maraming konsentrasyon ng ozone |
| 5. Ozone Layer | e. ito ay sanhi ng dinoflagellates na lumulutang sa ibabaw ng dagat |

**D. Pagbasa ng Pangunahing Kaisipan o Tema (10 minuto)**

**Teksto**:

Ang Timog Silangang Asya ay mayaman sa likas na yaman at may matabang lupa. Ang rehiyon ay binubuo ng mga kapuluan at tangway na pinalilibutan ng mga anyong tubig gaya ng Timog Dagat China, Dagat Celebes, Mallaca Strait, at Karagatang Pasipiko. Dahil dito, ang agrikultura ay pangunahing kabuhayan. May mga bundok, bulkan, ilog, at kagubatan na nagbibigay ng likas na yaman.

**E. Pagpapaunlad ng Pag-unawa sa Pangunahing Kaisipan o Tema (5 minuto)**

**Mga Katanungan**:

1. Paano nakaaapekto ang anyong lupa sa kabuhayan ng mga tao?
2. Ano ang papel ng klima sa agrikultura ng rehiyon?

**F. Pagpapalalim ng Pag-unawa sa Pangunahing Kaisipan o Tema (5 minuto)**

**Gawain: Gallery Walk**

Panuto: Ipasuri ang mga larawan ng katangi-tanging lugar sa Timog Silangang Asya. Isulat sa task card ang obserbasyon at idikit ito sa larawan.



URL:[https://www.canva.com/design/DAGthFLwp2M/g1PCCqWfTp75AYOm5dQiVA/view?utm_content=DAGthFLwp2M&utm_campaign=designshare&utm_medium=link2&utm_source=uniquelinks&utlId=h2551a4b805](https://www.canva.com/design/DAGthFLwp2M/g1PCCqWfTp75AYOm5dQiVA/view?utm_content=DAGthFLwp2M&utm_campaign=designshare&utm_medium=link2&utm_source=uniquelinks&utlId=h2551a4b805)

**Pilipinas – *Banaue Rice Terraces***
- Sinaunang hagdang-hagdang palayan ng mga Ifugao.
- UNESCO World Heritage Site.

**Thailand – *Grand Palace, Bangkok***
- Dating tirahan ng mga hari ng Thailand.
- Tampok ang Wat Phra Kaew (Emerald Buddha).

**Malaysia – *Petronas Twin Towers***
- Iconic skyscrapers sa Kuala Lumpur.
- Dating pinakamataas na gusali sa mundo.

**Singapore – *Gardens by the Bay***
- Futuristic na hardin na may Supertree Grove.
- Pinagsasama ang teknolohiya at kalikasan.

**Indonesia – *Borobudur Temple***
- Pinakamalaking Buddhist temple sa mundo.
- Itinayo noong ika-9 na siglo.

**Vietnam – *Ha Long Bay***
- Kilala sa limestone karsts at emerald waters.
- UNESCO World Heritage Site.

**Cambodia – *Angkor Wat***
- Pinakamalaking relihiyosong monumento sa mundo.
- Simbolo ng kasaysayan ng Khmer Empire.

**Laos – *Luang Prabang***
- Sinaunang lungsod na may mga templo at kolonyal na arkitektura.
- UNESCO World Heritage Site.

**Myanmar – *Bagan***
- Libu-libong sinaunang Buddhist temples at stupas.
- Isa sa mga pinakakamangha-manghang tanawin sa Asya.

**Brunei – *Sultan Omar Ali Saifuddien Mosque***
- Isa sa pinakamagandang mosque sa rehiyon.
- Napapalibutan ng artipisyal na lagoon.

**Timor-Leste – *Atauro Island***
- Kilala sa diving at marine biodiversity.
- Tahimik at likas na paraiso.

**Rubrik**:
- Obserbasyon – 5 pts
- Kaugnayan sa tema – 5 pts
- Pagkamalikhain – 5 pts

**Kabuuan**: 15 puntos

**G. Paglalahat at Abstraksyon (5 minuto)**

**Gawain: KWL Chart**

Panuto: Sagutin ang KWL Chart sa inyong kuwaderno.
- **Alam**: Ano ang alam mo tungkol sa pisikal na katangian ng Timog Silangang Asya?
- **Gustong Malaman**: Ano pa ang nais mong malaman?
- **Natutunan**: Ano ang natutunan mo sa aralin?

| | **Alam** | **Gustong Malaman** | **Natutunan** |
|---|---|---|---|
| sa pisikal na katangian ng | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Timog Silangang Asya | | | |

**IV. Pagtataya**

**Panuto**: Piliin ang tamang sagot.

1. Alin sa mga sumusunod ang anyong tubig sa Timog Silangang Asya?
   A. Himalayas
   B. Dagat Celebes
   C. Sahara
   D. Andes
2. Ano ang pangunahing kabuhayan sa rehiyon?
   A. Industriya
   B. Pangingisda
   C. Agrikultura
   D. Pagmimina
3. Alin sa mga sumusunod ang likas na yaman ng rehiyon?
   A. Ginto
   B. Langis
   C. Matabang lupa
   D. Likas na gas
4. Ano ang epekto ng klima sa pamumuhay ng mga tao?
   A. Pagkakaroon ng tagtuyot
   B. Pag-unlad ng agrikultura
   C. Pagkawasak ng kagubatan
   D. Pagtaas ng populasyon
5. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa pisikal na katangian ng rehiyon?
   A. Bundok
   B. Ilog
   C. Disyerto
   D. Bulkan

**Answer Key**:

1. B
2. C
3. C
4. B
5. C

**V. Takdang-Aralin**

**Gawain: Slogan Making**

Panuto: Gumawa ng isang islogan tungkol sa pangangalaga sa kalikasan ng Timog Silangang Asya. Isulat ito sa isang bond paper.

**Rubrik**:

- Kaugnayan sa Tema – 5 pts
- Ideya at Impormasyon – 5 pts
- Orihinal na Salita – 3 pts
- Kalinisan – 2 pts

  **Kabuuan**: 15 puntos